



## 1 | Sumunod si Isaac sa utos ng Diyos.

*Nagpakita sa kanya ang Panginoon at sinabi, "Huwag kang pupunta sa Egipto, manatili ka sa lugar na ituturo ko sa iyo.*

**GENESIS 26:2**

Noong panahong ito, dumating ang taggutom sa lugar kung saan nakatira si Isaac. Sa halip na lumapit sa Diyos, pumunta si Isaac sa ibang lugar. Muntik na niyang gawin ang ginawa ni Abraham noong panahong dumanas din siya ng taggutom—ang pumunta sa Egipto kung saan tiyak na may pagkain. Habang siya ay nasa Gerar, pinigilan ng Diyos si Isaac na magpatuloy sa pagpunta sa Egipto sa pamamagitan ng pagbigay ng utos at ng katiyakan na bibigyan Nila sila ng lupain kung saan sila maninirahan. Sinunod ni Isaac ang Diyos. Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na sinunod mo ang sa palagay mo ay ipinapagawa sa iyo ng Diyos.

.....

.....

.....

## 2 | Si Isaac ay nanirahan sa lupain.

*Kaya roon nanirahan si Isaac sa Gerar.* **GENESIS 26:6**

Bilang pagsunod sa Diyos, nanatili si Isaac sa Gerar at doon nga ay nanirahan. Sinasabi sa Kasulatan na si Isaac ay matagal na nanirahan sa Gerar. Naghukay siya ng mga balon, dumami ang kanyang mga alagang hayop, at nakisalamuha siya sa mga tao roon. Ang paninirahan niya sa lupaing ito ay nangangahulugan na pinatatag na niya ang pamumuhay niya sa lugar na iyon at naghandang manirahan doon ng mahabang panahon. Tuluyan niyang tinanggap ang plano ng Diyos, at siya ay pinagpala ng Diyos. Buong puso mo bang tinatanggap ang mga plano ng Diyos para sa iyo?

.....

.....

.....

## 3 | Si Isaac ay nagtanim sa lupain at nagkaroon ng masaganang ani.

<sup>12</sup>*Nang taon ding iyon nagtanim si Isaac sa lugar na iyon at masaganang-masagana ang kanyang ani, dahil pinagpala siya ng Panginoon.* <sup>13</sup>*Nagpatuloy ang pag-unlad niya hanggang sa yumaman siya nang husto.* **GENESIS 26:12,13**

Naging masaganang-masagana ang ani ni Isaac nang taong nagtanim siya. Maaaring maghintay na lamang si Isaac sa susunod na utos ng Diyos. Subalit sinabi sa Kasulatan na nang ibigay ng Diyos ang utos na manatili sa lupain ng Gerar, sa halip na magsawalang-kibo, nagtanim si Isaac sa lugar na iyon. Pinagpala siya ng Diyos at nagpatuloy ang pag-unlad niya hanggang sa yumaman siya nang husto. Paano mo lubos na pinaunlad ang iyong sarili kung saan ka man inilagay ngayon ng Diyos? Paano ka umaasa na matatanggap mo ang biyaya at pagpapala ng Diyos?

.....

.....

.....

.....

### APPLICATION

- Ano ang isang bahagi ng buhay mo kung saan kailangan mong sumunod sa Diyos? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang kumilos nang may pananampalataya sa bagay na ito?
- Ano ang maaari mong gawin upang patuloy na umunlad kung saan ka man inilagay ngayon ng Diyos?
- May kakilala ka ba na kailangang maka-alam sa katapatan ng Diyos? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang maakay ang taong ito palapit sa Diyos?